

CHAPTER *One*

“**T**his is pure torture! Kahit saan ako bumaling, puro mag-jowa ang nakikita ko.”

Natawa si Majoy sa reklamong iyon ng best friend niyang si Carla. It was the *20th Hot Air Balloon Festival* at Clark Field, Pampanga. Malamang, puro talaga couples ang makikita nito. Unang-una, Valentine’s Day ngayon at higit sa lahat, para talaga sa mga magkasintahan ang araw na ito.

Pareho silang single pero ito lang ang bitter. Dalawa lang silang magkasama ngayon. She was actually fine with celebrating this day on her bed, alone, sleeping. Pero pinilit siyang isama

dito ni Carla. As a photographer, assignment nitong i-cover ang annual event na iyon para sa magazine na pinagtatrabahuhan nito. Off niya kapag weekend, kaya wala siyang maidahilan para tanggihan ito.

“Eh, Valentine’s nga kasi. Kahit saan ka pumunta ngayon, puro mag-jowa talaga ang makikita mo.” sagot ni Majoy. She then stretched her legs and looked at the wide sky. Nakaupo sila sa ground. Naglatag lang sila ng maliit na picnic blanket. Nakakuha sila ng magandang puwesto dahil pareho silang may VIP pass.

The hot air balloons marked the skies with their bright colors and beautiful designs. Isinabay sa pagputok ng araw ang pagpapalipad sa mga iyon. May mga paragliders at skydivers din na nagpe-perform.

Ang pinakanagustuhan ni Majoy ay ang pinakamalaking hot air balloon na may disenyo ng isang sikat na simbahan sa Angeles.

She filled her lungs with air and smiled. “Kaysa magpaka-bitter ka d’yan, sa langit ka na lang tumingin. Mas maganda ’yung view sa taas. Besides, you’re here to cover the event, right?” sabi niya kay Carla na hindi inaalís ang tingin

sa kalangitan.

“I have all the photos that I need.” Ngunit nakasabit pa rin sa leeg nito ang malaking camera. “I just wish na sana next year hindi na tayo ang magkasama sa Valentine’s Day. Sana naman next year we get to spend this day with someone special. You know.” Ewan niya. Magtatatlong taon na siyang single. But she was fine with it. Really. Dealing with the break up was not easy. Not at first. She used to cry herself to sleep at night. Pero matapos niyang malampasan iyon ay nalaman ni Majoy na mas maigi pa palang maging single. She has her freedom, she could do whatever she fancied, and she was not bound for any heartaches.

Almost three years na ring single si Carla. Her case was different. Inakala nitong si Benjie na ang pakakasalan nito. It turned out that the guy was gay. Sa huli, ay nagpapasalamat na lang din si Carla dahil umamin ang ex bago pa umabot ang mga ito sa kasal.

Pareho na silang nasaktan. Once should be enough.

Nilingon niya ito. “I don’t know. Malamang next year single pa rin ako sa Valentine’s. To be

honest, I am enjoying the single life. I don't see the sense of being in a serious relationship only for everything to go to waste in the end. Okay na ako sa ganito, walang hassle, tahimik.”

“Alam mo, sa ’ting dalawa, ikaw ’tong bitter, eh. Ayaw mo lang aminin.”

Napakunot-noo si Majoy. “Ako? Bitter? Hindi, ’no. I just learned my lesson well. Ikaw ’tong galit na galit d’yan pag nakakakita ng mag-jowa, eh.”

“Then tell me, ano’ng tumatakbo sa isip mo kapag nakakakita ka ng masasayang couples?”

Matagal bago siya nakasagot. “That they are wasting their time.”

“See? Ako, naiinggit lang kapag nakakakita ng happy couples, pero naniniwala pa rin ako sa love.” Itinuro siya nito. “ You, on the other hand, Miss Mary Joy Serafico, has become cynical. Di ka na naniniwala sa love.” Dinigest niya ang sinabi nito. Saka siya napabuntong hininga. “I just don't want to waste my time anymore.”

Totoo naman. She may be young at twenty-six, but there was so much more in life that she wanted to see and achieve. Isa siyang learning and development trainer sa isang malaking BPO

company, ang *Excel Services and Communications*. She was still living with her parents. Wala namang kaso iyon, pero gusto niya pa rin ng sariling bahay—iyong siya mismo ang nagpundar. Nag-iisang anak lang siya, kaya sa tuwing sinasabi niya sa mama at papa niya ang balak niyang bumukod sa mga ito ay agad nagdadrama ang mama niya. Habang katakot-takot na paalala agad ang sasabihin ng papa niya.

She loved her parents more than anything in the world. Siguro isa rin iyon sa dahilan kung bakit hindi niya naisip mag-rent ng sariling apartment kahit puwede niyang gawin iyon. She also wanted to drive her own car. She had this sleek, red car on her mind. She didn't need a man.

“So you think falling in love is a waste of time?” untag ni Carla.

Napangiti siya. “Bakit? Hindi ba?”

Three years ago, she was in a serious relationship. She was engaged to a man she thought was her everything. Pero ano? Sa huli ay ipinagpalit lang siya nito sa sarili nitong mga ambisyon. At ngayon ay engaged na ito sa ibang babae. Nasayang lang ang lahat ng mga pangarap na binuo niya para sa kanilang dalawa. She

didn't have the energy to go through that drama anymore.

“Joy.” Hinuli ni Carla ang kanyang mga mata. “Alam kong kaya ka nagkaganyan, eh, dahil sa kumag na Paulo na ’yun. And, yes, naka-move on ka na nga pero nagbago naman ang perspective mo sa love. Everyone needs it. You should find a man who will make you realize that you need it.”

Hinawakan niya ito balikat. “Carl, I have all the love that I need. Hindi ko na kailangan ng lalaki.”

“Well, sabi mo ’yan, ah. Huwag kang makapunta-punta sa apartment ko isang araw at sasabihin mong in love ka.”

Tinawanan niya lang ito.



Pasado alas cinco na ng hapon nang makarating si Majoy sa Manila mula Pampanga. Naghiwalay na sila ni Carla dahil may dadaanan pa raw itong short event na kailangan din nitong i-cover. Bago umuwi sa kanila ay naisipan niya munang mag-grocery. Tatal ay maaga pa at hindi naman siya napagod sa biyahe.

Pagdating sa aisle ng mga spreads, hindi siya makapag-decide kung peanut butter o

strawberry jelly ang kukunin. Sa huli, pareho niya nang kinuha ang dalawang palaman. Siya iyong tipong pinag-iisipan ang lahat. She always ended up making simple things complex. Pero sa tingin niya, mas maigi talagang pinag-iisipan ang mga bagay-bagay. Sunod siyang pumunta sa section kung nasaan ang mga variations ng noodles. Hindi niya na kailangan pang mag-isip dahil iisa lang ang flavor ng cup noodles na binabalik-balikan niya: *bulalo*.

She scanned the shelves and found what she was looking for. Ang problema ay nasa pinakaitaas na rack iyon. Hindi siya ganoon katangkad. Five flat ang height niya. Kung bakit kasi doon iyon inilagay! At kung bakit kasi ganoon kataas ang shelf na iyon.

Luminga-linga siya upang maghanap ng sales clerk, pero wala siyang mahagilap. Siya lang ang tao sa bahaging iyon ng hypermarket.

Tumingkayad si Majoy at itinaas ang kamay para abutin kahit isang cup noodles. Ni hindi niya nahawakan ang dulo niyon. She tried again. She was wearing a casual pair of shorts that showed her shapely legs. Her top was a loose shirt with a plunging neckline. Her hair was in a messy bun.

Hanggang sa isang kamay ang walang kahirap-hirap na umabot sa cup noodles na kanina niya pa pinaghihirapang abutin. Awtomatikong napatingin siya sa may-ari ng kamay. Nakita niya ang isang matangkad na lalaki na abot-tainga ang ngiti. O ngisi. He's cute. Nope. He was more than that.

Kumiliti sa kanyang imahinasyon ang suabeng amoy nito. And she couldn't help noticing the lean muscles in his arms.

"A damsel in distress, huh?" Iniabot nito sa kanya ang cup noodles. Titig na titig ito sa mukha niya.

Without shame, his eyes skimmed her face, then her body, before returning to her lips.

She twitched her lips. "Thanks." Saka niya inabot ang cup noodles.

The attraction between them was undeniable. So why try to hide hers?

"Isa lang ba ang kukunin mo niyan?" tanong nito, nakangiti pa rin.

"Get me four more, please." She grinned at him.

"Sure. Pare-pareho ng flavor? Bulalo?"

"Oo."

Sandali itong tumalikod sa kanya upang kumuha pa ng apat na cup noodles. Pagharap ng lalaki ay pinakatitigan siya nito. “Bakit bulalo?” Nasa bisig nito ang mga cup noodles at tila wala itong balak ibigay ang mga iyon sa kanya kung di niya sasagutin ang tanong nito.

She looked at him, eye to eye. “Kasi masabaw. Malaman. Masustansya.”

His eyes darkened.

Silang dalawa lamang ang nasa bahaging iyon ng hypermarket. Airconditioned ang lugar, pero parang nilukuban si Majoy ng kakaibang init.

Muling ngumisi ang lalaki. “Gusto ko din n’un. Lalo na ’yung malaman,” sabi nito habang inilalagay sa kanyang push cart ang mga cup noodles. Tumingin ito sa kanya. “We have something in common, then. So what’s your name, damsel?”

Natatawang napailing siya. What the hell was she doing flirting with this man? And in a supermart, of all places. Wala siyang oras para sa mga ganitong kalokohan.

Naglakad siya kasabay ng pagmamaniobra sa kanyang push cart. She’d better get going. “Thanks for the help, Mr. Knight In Shining Armor. You’re

cute. But I have to go.”

Humalukipkip ito, nakangit pa rin. “Just like that?”

She shrugged. “Yes, just like that.”

“Okay. See you when I see you then, damsel.”
He winked at her.

Hindi niya napigilan ang ngiting kusang sumilay sa kanyang mga labi dahil sa ginawa nito. She waved him goodbye. Saka siya tumalikod at naglakad palayo.



Hinintay muna ni Popoy na tuluyang mawala sa kanyang paningin ang babaeng tinulungan niya sa pag-abot ng cup noodles bago siya tuluyang umalis sa section na iyon ng hypermarket.

The woman was gorgeous. Maliit lang itong babae, pero makurba ang katawan nito. And her face... it was angelic. Akala niya exaggeration lang ang description na iyon patungkol sa isang babae. And her lips... they were sinfully luscious.

Hindi siya makapaniwala na ni hindi niya nakuha ang number nito. Not even her name. Wala pang nakatanggi sa lethal charm ng isang George “Popoy” Contreras.

Ngayon lang, soplá ng utak niya.

Sayang. He could almost see her fair beauty gracing his bed. Sinubukan niyang mag-ikot pa sandali sa pagbabaka-sakaling makakasalubong muli ang babae, pero wala na talaga ito. Natatawang napailing na lang siya sa ikinikilos at naglakad na patungo sa counter.

Tumunog ang cellphone niya nang nasa pila na siya. Mabilis na sinagot niya iyon. Boss niya ang tumatawag.

“Miss K?”

“Yes, hi, Popoy. I hope hindi ako nakakaistorbo. I just called to tell you that we have a situation. May urgent meeting tayo ng team first thing tomorrow morning.”

“Sure, Miss K. No problem.”

“Good. I know I can always count on you. O sige na, enjoy your evening. ’Bye.”

Miss K was always in a hurry. She was fortyish, a single mom of two children. Palagi nitong litanya kung gaano kahirap ang magkaroon ng dalawang makukulit na anak.

Ibinulsa na ni Popoy ang cellphone. The weekend was almost over. Simula na naman ng panibagong work week.

CHAPTER *Two*

“We badly need another trainer here at the main site,” bungad ng head trainer nilang si Miss K.

Sino ba ang may gusto ng Monday? Popoy’s mind was wandering elsewhere although he was physically present in the conference room. Kasama niya ang admin team ng *Excel Services and Communications*. Sa main site sila naka-assign, sa Alabang.

“Urgent ang maternity leave ni Monica. Her class will be left hanging kung di agad tayo makakahanap ng kapalit niya. Mass hiring pa man din tayo ngayon,” patuloy ni Miss K.

“Ilang buwan ba ang leave ni Monica?”

tanong ni Popoy. Assistant head trainer siya.

“Two months, effective next week. Dapat makahanap na agad tayo ng kapalit niya dahil walang hahawak sa maiiwan niyang klase sa isang linggo.”

“Medyo mahabang proseso if we’re going to hire a new one,” ani Kent. “Hindi pa naman dapat kasi magli-leave si Miss Monica kaya lang pinag-bed rest na siya ng doktor niya.”

“Eh, ’yung assistant niya?” tanong ni Popoy.

“May hawak na ring klase,” sagot ni Kent. “Ang pinakamagandang option na nakikita ko ay kumuha ng trainer mula sa ibang site. May available sa Araneta.”

Tumango-tango si Popoy. “Two months lang naman. I’m sure papayag sila. Dati naman nang ginagawa ’yan.”

“Okay. Makikipag-coordinate na ako sa admin natin sa Araneta para pahiramín tayo ng isang trainer,” ani Miss K. Matapos ang ilan pang reminders ay tinapos na nito ang meeting.

May class si Popoy nang 9:30 AM.

Apat na taon na siya sa *Excel*. Kontento si Popoy sa trabaho niya sa BPO. Mataas ang suweldo at hindi siya nahihirapan sa

schedule. Madalas ay day shift ang duty niya. Nag-umpisa siya bilang Admin Associate, naging Learning & Development Trainer at ngayon nga ay Assistant Head Trainer. Humahawak siya ng klase at trainings bukod pa sa administrative work.

At twenty-eight, hindi niya masasabing established na siya. Wala pa siyang sariling bahay at lupa at kotse. Iyong ibang mga kaedad niya, alam niyang may asawa at mga anak na. Ayos lang sa kanya. Katuwiran niya, wala naman siyang hinahabol. Hindi siya nagmamadaling magka-girlfriend. Flings, iyon ang mayroon siya. Hanggang fling lang dahil agad niyang tinatapos bago pa maging serious.

May hinihintay kasi siya. Someone who broke his heart a long time ago. Who said that he couldn't fool around while waiting?

Napangiti siya nang maalala ang mukha ng babaeng tinulungan niya sa hypermarket kahapon.



Nakatanggap si Majoy ng e-mail nang araw na iyon. Pinapadaan siya sa Admin Office nang alas cuatro. Walang sinabi sa e-mail kung bakit.

Pagkatapos ng klase niya ay sa nasabing opisina siya dumerecho.

“Please come in,” narinig niyang tawag mula sa loob pagkatapos niyang kumatok.

Pagpasok niya ay nabungaran niya ang kanilang head trainer na si Vince. Guwapo ito, mukhang Hollywood actor. Maraming nagkaka-crush dito, lalo na iyong mga baguhan sa kompanya. Hindi pa kasi alam na iba ang preference nito.

“Hi, Joy,” nakangiting bati nito. He was one of her good friends in the company. He was her mentor.

Naupo siya sa visitor’s chair sa harap ng desk nito. “Hi, Vince.” She crossed her legs. “Nabasa ko ’yung e-mail...”

“Yup, the e-mail.” Inayos nito ang salamin sa mata saka ito diretsong tumingin sa kanya. “I’m so sorry to tell you this, Joy, but you’re fired.”

She raised her eye brow. Hindi rin ito nagsalita.

“Excuse me?” Seriously? Fired? As in siya?

Nagulat siya nang humagalpak ito ng tawa. “Charot lang! Ikaw naman, masyadong seryoso. Your reaction was priceless.” Tumatawa pa rin ito.

Natawa na rin siya. “Ano ba talaga ’yun?”

“You see, mass hiring ngayon sa main site natin sa Alabang. Marami kasing opening ang *Excel* for new accounts. Kaso kinulang sila ng trainers dahil may isang nag-request ng urgent maternity leave.” Tumango-tango siya. Nagpatuloy ito. “The main site can’t afford to have floating classes and put the ongoing trainings on hold. So, they are requesting that we send them a trainer. Two months tops lang naman.”

“And that trainer is me?” She stated the obvious.

“Actually, naka-note sa request nila na they want an efficient L&D trainer. Kaya ikaw ang ipapadala ko.”

“Oh.”

He chuckled. “Yan ang gusto ko sa ’yo, eh. You’re so humble.”

Wala namang problema sa kanya ang malipat sandali sa main site. Pabor pa nga iyon sa kanya dahil ang ibig sabihin ay mas maikasing oras ang gugugulin niya sa biyahe. Mas malapit talaga ang bahay nila sa main site nila sa Alabang. Iyon nga lang, sa Araneta siya na-assign dahil doon may job opening nang mag-apply siya noon.

“Start ka na d’un sa Monday, next week. Alam ko namang we can count on you, Joy.”

“Thanks, Vince.”

“You’re actually doing the main site a big favor. Parang hindi sila magkandaugaga kung saan hahanap ng trainer. Enjoy your stay there.” Ngumisi ito. “Maraming guwapo d’un sa Alabang.”

She shrugged. “Baka naman puro lang guwapo pero walang sustansya.”

Nagtawanan sila. Sa totoo lang, mas interesado siyang malaman kung masarap ba ang pagkain sa pantry ng main site kumpara sa pantry nila.

CHAPTER *Three*

*M*as malaki ang building ng main site, mas maraming accounts kaya mas maraming empleyado. Alas nueve ng umaga ang start ng klase niya. Dadaan muna siya sa conference room para mai-introduce siya sa mga makakasama niya sa loob ng dalawang buwan.

She was wearing a pastel colored dress and her favorite pair of wedges. Her makeup was light, as always.

May kaunting kaba siyang nararamdaman habang papunta sa conference room. Natural lang siguro ang ganoong pakiramdam. Nasa ibang lugar pa rin si Majoy kahit pa sabihing nasa parehong kompanya. Sana kasing-friendly

ng mga katrabaho niya sa Araneta ang mga makakatrabaho niya rito sa Alabang.

Huminga muna siya nang malalim. Hawak niya na ang handle ng pinto nang gumalaw iyon at bumukas ang pinto.

“Joy?” bati sa kanya ng babae. Tila tuwang-tuwang itong makita siya.

Napatango-tango siya nang makilala si Miss K. Ini-introduce ito sa kanya ni Vince sa isang video call. Si Miss K ang head trainer sa main site.

“Come on in.” Iginiya siya nito papasok.

Ngumiti siya sa mga naroon.

“People, let’s all welcome Miss Mary Joy Serafico. She’ll be staying with us for two months and will be handling Miss Monica’s class.”

Nagpalakpakan ang mga naroon. She felt welcome.

“Thank you,” sabi niya. “I’m glad to have the opportunity to work here at the main site. At kahit temporary lang ang stay ko dito, I promise to do my best. And please call me ‘Joy.’ ”

“We’re grateful that you accepted our request on such short notice.” Miss K patted her shoulder.

She gave an appropriate reply and smiled at Miss K.

Isa-isang ipinakilala nito sa kanya ang iba pang trainers sa main site, ganoon din ang members ng admin. Everyone seemed nice.

Luminga si Miss K sa paligid. “Nasaan si Popoy?”

Bumukas ang pinto ng conference room. Napalington ang lahat sa matangkad na lalaking pumasok.

Ganoon na lang panlalaki ng mga mata ni Joy nang mamukhaan ang bagong dating. Napakunot-noo siya. Ano ang ginagawa ng lalaking ito rito?

Ito lang naman tumulong sa kanya na abutin ang mga bulalo flavored cup noodles sa hypermarket noong nakaraang Linggo. Si Mr. Knight in Shining Armor.

“Sorry, guys. I didn’t mean to be late. May kinailangan lang talaga akong tapusin bago dumerecho dito.” Saka ito tumingin sa puwesto nila ni Miss K sa unahan.

At nang makita siya nito ay sandali itong natigilan at tinitigan siya. Saka ito ngumiti. Alam niyang nakilala siya nito.

“It’s okay Popoy,” ani Miss K. “By the way, I’d like you to meet Joy. Siya ang magte-take over sa

class ni Monica. This angel is the answer to our prayers.” Bumaling sa kanya si Miss K. “Joy, that’s Popoy, our assistant head trainer.”

Sino ang mag-aakala na muli niya pang makikita ang lalaking ito? To think that they were working for the same company. It’s a small world indeed.

Nakangiting lumapit sa kanila ang lalaki, nakapako ang mga mata sa kanya. At sa di niya mawaring dahilan, hindi niya rin maialis ang kanyang tingin sa mga mata nito. His gaze was magnetizing her. Muli ay kumiliti sa kanyang ilong ang pabango nito.

He smells so good...

“Hi, Joy.” Inilahad nito ang isang kamay sa kanya. Then he smiled, showing his perfect set of white teeth.

He must be doing it intentionally, Joy thought, as she saw a mischievous glint in his eye. “Welcome to the main site.”

Iniabot niya ang kamay rito. “Thank you, Sir,” she said politely.

His big, warm hand shook her delicate one. “Popoy na lang.”

Ipinagtaka niya kung saan nanggagaling ang

tila kuryenteng naramdaman niya sa pagdaiti ng kanilang balat.

“It’s nice to finally meet you.” He was grinning, making her want to roll her eyes.

Nakangiting tumango lang siya. Nakahinga siya nang maluwag nang bitawan nito ang kamay niya. Naupo ito sa upuan sa tapat niya.

Great.

Ramdam niyang nakatingin pa rin ito sa kanya. At parang nawawala siya sa focus sa paraan ng pagkakatitig nito. Really, hindi siya ang tipo ng babaeng basta-basta nadadala sa ganoong tipo ng lalaki. O ng kahit na sinong lalaki. Kahit gaano pa kaguwapo.

Natagpuan niya ang sarili na tipid na sumasagot sa tanong ng mga naroon gaya ng kung ilang taon na siya sa *Excel*.

“Single or in a relationship?” bato ng isang trainer at nagkantiyawan ang mga nakikinig.

Joy laughed. “Single.”

“And ready to mingle?” gatong ni Miss K.

Kanyang-kanyang panunudyo ang mga tao sa conference room. Hindi sinasadyang napadako ang kanyang mga mata kay Popoy. Nakatingin pa rin pala ito sa kanya. His lips were curved in

a rather sexy smile.

She just shrugged in response to Miss K.



Dahil may oras pa, naisipan niyang magkape muna bago dumerecho sa klase. Nagtungo siya sa coffee nook ng floor na kinaroroonan niya.

Nang makitang punung-puno ang lalagyan ng pakete ng creamer ay napangiti siya. Malakas siya sa creamer.

Ninamnam niya ang kanyang unang higop ng kape. Tumawid sa isip niya ang eksena sa conference roon. Sana lang ay hindi niya maging sakit ng ulo ang Popoy na iyon sa panandaliang pananatali niya sa main site.

Breathe in, breathe out, instruction niya sa sarili. *Stay focused...*

“Hi, damsel!”

Nasamid siya sa kapeng iniinom sa gulat. Sunod-sunod siyang napaubo. Nalingunan niya ang magaling na si Popoy.

“Oops. Sorry.” Balak pa yata nitong hagudin ang likod niya dahil di matigil ang pag-ubo niya, pero pinigilan niya ito.

She put her mug down on the table.

Now where's her focus?

“Bakit ba bigla-bigla ka na lang sumusulpot?” she muttered under her breath.

Kung narinig man siya nito, hindi nito ipinahalata. Tila naaaliw na ngumiti pa ito. “So it's really you, damsel.”

Pinakalma niya muna ang sarili. “Yes, it's me. And my name is Joy.” She sighed in exasperation. “You're not following me, are you?”

“Yes, I am.” He was watching her intently.

Inirapan niya ito. “Stalker.”

Sa gulat niya ay tumawa ito nang tumawa. It crinkled his nose and his eyes and she still found him... cute.

“Will you stop it, Popoy?” she snapped.

Tumigil nga ito. Para lang muli siyang asarin nang bigla itong kumanta. “*It's really good to hear your voice saying my name. It sounds so sweet. Coming from the lips of an angel...*” Napakamot ito ng ulo. “Anong sunod d'un?” tanong nito sa kanya.

Natagpuan ni Joy ang sarili na tumatawa dahil sa kalokohan nito.

“Para kang timang d'yan, eh, sintunado ka naman.” She rolled her eyes at him.

Ngumiti lang ito. “I’m just really glad to finally know your name.”

Napatingin siya sa relong pambisig. Her class would start in ten minutes. “I have to go,” paalam niya rito.

“You have this habit of leaving me hanging, Joy.” Umarte itong disappointed na ewan.

She realized that she liked the way her name sounded on his lips, too. Nginitian niya lang ito. “See you.”

“Yep, see you.” He winked at her and waved goodbye.

At hindi niya napigilan ang puso niya sa pagtalon sa ginawa nito. Pilit na lang niyang inignora iyon.



Maayos ang unang araw ni Majoy sa main site. Nag-enjoy siya sa batch ng trainees na hinawakan niya kanina. Madaling turuan ang mga ito at hindi boring ang klase. Okay rin ang mga co-workers niya. Friendly ang mga ito at laging inalam kung ayos lang ba siya o may kailangan ba siya.

And then there’s Popoy.

Hindi niya maitatangi ang attraction niya rito. She just didn't know how to deal with *it...* and him, yet. As much as possible ay ayaw niya ng involvement at complications.

Naikuwento niya na kay Carla ang tungkol sa pansamantala niyang paglipat sa main site. Sana raw ay doon niya na mahanap ang forever niya. Ewan niya kung nakikinig ito noong sinabi niyang temporary lang ang pag-stay niya roon.

Kinabukasan ay maaga siyang pumasok. Dumerecho siya sa trainers' office. May *PowerPoint* presentation kasi siyang kailangang ayusin. Gaya ng inaasahan ni Majoy ay wala pang ibang tao sa opisina. Usually ay derecho na ang mga trainers sa respective classes ng mga ito.

Bukas na ang mga ilaw at aircon, pero napakatahimik. Hindi sa matatakutin siya, pero naisip niyang sana ay may kasabay man lang siyang pumasok din nang maaga. Sa halip na takutin pa ang kanyang sarili ay pumuwesto na siya sa kanyang station. Binuksan niya ang kanyang computer.

Wala naman sigurong multo roon. Iba lang kasi ang pakiramdam kapag ganoong nag-iisa siya at napakalaki ng lugar.

Nang makapag-log in na siya ay pilit niyang inignora ang maliliit na kaluskos na naririnig mula sa di kalayuan. Alas seis na ng umaga. Wala nang multo.

May pinipili bang oras ang mga multo?

Tinatakot niya talaga ang sarili niya! Bakit ba kasi hindi tumitigil ang kaluskos na naririnig niya? Nang may marinig siyang pagtipa sa keyboard ay dinagsa siya ng kaba. May mga partitions ang bawat cubicle station at hindi niya alam kung saan nanggagaling ang tunog. Lalong lumakas ang pagtipa.

“Shit.” Siya lang ang tao roon sigurado siya. Mukhang mali ang desisyon niyang pumasok nang ganoon kaaga.

Nagdesisyon na siyang lumabas ng trainers office at mag-stay malapit sa applicant’s lounge. Laging may naka-duty doon na guard. Doon muna siya hanggang sa may makasabay siyang pumasok sa trainers’ office.

Tatayo na dapat siya nang makarinig ng mga yabag. Papalapit sa kanya. Lalo siyang kinabahan. Ni hindi na siya makatayo mula sa kinauupuan.

Napa-sign of the cross siya at mariing napapikit. She clasped her hands and prayed.

Lord, please... kung makakakita man po ako ngayon ng multo, sana naman po 'yung bata na cute, 'yung walang dugo or anything sa mukha...

Nasa ganoong posisyon pa rin siya nang tumigil ang mga yabag. Tumigil iyon sa mismong tapat niya. Then she smelled that familiar scent.

“Joy?”

Isang mata lang muna ang idinilat niya. Nakahinga siya nang maluwag at pinandilatan ang naroon. “Popoy! Tinakot mo 'ko! Ikaw ba 'yung kanina pang nagta-type?”

“Oo. Maaga akong pumasok. Ikaw nga 'tong nanakot sa 'kin, eh. Akala ko kung ano 'yung kumakaluskos dito.” Napakunot-noo ito. “Bakit ang aga mo?”

Huminga siya nang malalim. At least, hindi multo ang nakita niya. Pero cute pa rin.

Yeah, right.

“May tatapusin akong presentation.” Tumayo siya upang silipin kung saan ito naka-station. Kaya pala hindi niya ito napansin pagpasok niya ay dahil nasa likuran ito at malayo sa pinto. Hindi rin nito mapapansin ang pagpasok niya dahil nakatalikod ang upuan nito sa entrance. “Pero wala ba talagang multo dito?”

Natawa ito. “Wala naman.”

“Nakakainis ka. Muntik na akong atakehin sa puso dahil sa ’yo.”

“Ako din, eh. Buti na lang ikaw pala ’yun.” Sumandal ito sa gilid ng station niya at abot-tainga ang ngiting tinitigan siya.

She just rolled her eyes at him, kahit nangingiti na rin siya.

“How about some coffee? Masyado pang maaga, o,” anyaya nito.

“Thank you na lang. Wala pa akong nauumpisahan, eh. Medyo marami ’yung gagawin ko.” Hinahanap niya na ang mga files at documents niya sa computer.

“Okay. Sabi mo, eh. Ako na lang. Pero hindi kasi talaga ako sure kung may multo dito or what. I heard—”

Itinigil niya ang kanyang ginagawa at hinarap ito. “Shut up, okay? Tara na.” Dinampot niya ang kanyang purse at inunahan ito.

Narinig niya ang malutong nitong halakhak sa likuran niya. Napailing na lang siya.

“Matatakutin ka pala?” tila nang-aasar na tanong nito nang makalapit sa tabi niya.

“No, not really.”

“Kaya pala.” He was still mocking her.

“Tsk. Bilisan mo na nga lang.”

“Sa *Starbucks* tayo, ha?”

Hindi na siya umangal. Lumabas sila ng building. Nag-elevator sila at may ilang taga-utility silang nakasabay.

“What shall I get you?” tanong ni Popoy nang makarating sila sa coffee shop.

“Mocha Frappuccino. Grande.”

“Okay.”

Ito na ang umorder at nagbayad. Naupo na lang siya sa isa sa mga bakanteng mesa roon. Mukhang hinintay na ni Popoy ang kanilang order dahil bitbit na nito ang frappuccino niya nang puntahan siya.

“Here,” abot nito sa kanya ng plastic glass at straw.

Nakita niya na ang pangalang ipinalagay nito ay *Damsel*. She rolled her eyes at him.

“Look at what they put on mine.” Ipinakita nito ang hot latte nito na may nakasulat na *Knight in Shining Armor*.

Natawa siya. “At feel na feel mo, ha? Pinahirapan mo pa ’yung barista.”

“Cool nga siya, eh. ”Tsaka kaya nga mahal

'yung kape nila dahil sa mga ganitong arte.”

Umismid siya. “Dapat *Manyak in Gray Shirt* ang ipinalagay mo d’yan.”

Tumawa lang Popoy. “Ouch! Grabe ka.”

Nagyaya na siyang bumalik sa kanilang building. “O, bakit? Totoo naman, ah. Kung makatingin ka sa ’kin n’un sa hypermarket...” Sinadya niyang ibitin ang sinasabi at uminom sa drink niya. She was secretly smiling.

“Parang ano?” pangungulit nito.

“I don’t know. Ikaw ’tong tumingin, eh.”

He shrugged. “You looked so beautiful struggling to reach those damn cup noodles.” Bumaling ito sa kanya sandali. “I couldn’t take my eyes off you. I just had to get close the moment that I saw you.”

Tumigil sila sa paglalakad. Alam niyang puwedeng nambobola lang si Popoy, pero ganoon na lang ang epekto ng mga salita nito sa kanya. Ilang sandali ang lumipas na nakatingin lang sila sa isa’t isa.

Hanggang sa mapabuntong-hininga si Majoy. “You’re good with words, Popoy.”

“I simply mean what I say.”

She smirked. “Sure.”

Muli siyang naglakad at umagapay ito. Pagdating sa elevator, silang dalawa lang ang naging sakay. In it, they seemed to have become more aware of each other. Papunta silang seventh floor, at nasa second floor pa lang sila.

“Thanks for the coffee.”

Ngumiti ito. “Don’t try so hard, baby. I know it’s awkward. Nararamdaman ko. It can’t be helped, with us being aware of how attracted we are to each other.”

Pilit siyang tumawa. “Stop it, Popoy.”

“You remembered the way I looked at you the first time we met.”

Pinaningkitan niya ito. “And how did you look at me?”

“Like this.” Akmang lalapit ito sa kanya nang tumunog ang elevator at bumukas ang mga pinto niyon sa floor na pupuntahan nila.

“Saved by the bell,” nakangising sabi ni Popoy at pinauna siyang lumabas ng elevator. Nag-ring ang phone nito.

“Maiwan na kita,” sabi ni Joy.

“Ganyan ka naman, eh,” sabi ni Popoy, hindi iniintindi nag nag-iingay na phone. “You always leave me hanging.”

Umiling siya at nilingon ito. “What do you want anyway?”

He smirked. “You know what I want, baby. I thought I made it clear the first time we met.”

Tumalikod na siya at mabilis na naglakad patungo sa trainers’ office. Narinig niyang sinagot nito ang phone na muling nag-ring.

Alam ni Joy kung ano ang gusto nito.

Popoy wanted her. She was not sure if she was ready to deal with the consequences should she entertain him.



Nakakaisang linggo na si Majoy sa main site. Masasabi niyang tapos na siya sa kanyang adjustment period. Medyo nasasanay na siya sa mga tao roon. Hindi naman siya nahirapang mag-adapt dahil pareho ang trabaho niya roon.

Kung may naiiba, si Popoy lang. Ito ang nagpapahirap sa kanya. He kept teasing her whenever he saw her. Ginagawa lang naman nito iyon pag sila lang. Ewan niya, hindi yata nakukumpleto ang araw ng mokong na iyon nang hindi nagpapapansin sa kanya. Kung alam lang nito kung gaano siya nito nadi-distract.

She had to be honest to herself and admit that she wanted him too. Sino nga ba ang walang gusto kay Popoy sa kompanya? Nakikita niya kung paano ito tingnan ng mga kababaihan doon.

She could imagine herself touching the lean muscles of his arms and resting her cheek on his chest. He really smelled nice. Minsan nga, malayo pa lang ay alam niya nang palapit ito pag naamoy niya na ang pabango nito. Napakabango nito. Nakakainis.

Sinabi niya noon sa sarili na ayaw niya na ng kahit anong kumplikasyon. Pero pinapahirapan siya ni Popoy. He was getting more and more irresistible every time he would go near her. Ayaw niyang ubusin ang kanyang oras sa kaiisip dito, pero madalas ay ganoon ang nangyayari.

Pasado alas cinco y media na ng hapon. Katatapos lang ng klase ni Majoy at nakauwi na ang mga trainees niya. Pauwi na rin siya. Kailangan niya lang daanan sa trainers' office ang kanyang mga gamit. Kailangan niyang mag-elevator pababa ng 7th Floor ngayong nasa 14th Floor siya. Wala na siyang kasabay pababa dahil sa pagkakaalam niya ay nauna nang bumaba ang

iba pang trainers sa floor nila.

Nang makasakay sa elevator ay pinindot niya ang number ng floor na bababaan. Pasara na sana ang elevator nang may humarang na kamay sa gitna ng mga pinto. Muli iyong bumukas at nakita niya ang nagmamadaling si Popoy.

Nagulat man ay nagawa niya pa ring ngitian ito. She was just thinking about him earlier and now.

“Hi,” he said. Abot-tainga ang ngiti nito. His sleeves were rolled up, and for some reason, it made him look... hotter.

“Hello,” ganti niya.

Walang sabi-sabing lumapit ito sa kanya. Napakalapit. Pakiramdam niya ay biglang sumikip kahit pa napakalawak ng espasyo at silang dalawa lang ang nandoon. Siyempre nananadya ito.

“Lagi mo na lang akong sinusundan. Nakakahalata na ako,” sabi nito, nakahalukipkip at nakatingin sa unahan.

Napaawang ang kanyang bibig bago niya nakuhang sumagot. “Wow. Ako pa talaga, ha?”

Natatawang nilingon siya nito. Nang lumipat ang tingin nito sa nakaawang niya pa ring bibig ay

naging seryoso ang mukha nito. Nakaramdam siya ng kakaibang kaba. He was the only one who could make her feel this way.

“I want to kiss you right here, Joy. And I might just do it if you keep that mouth open.”

She closed her mouth. Then she said, “I think I want what you want, Popoy.”

“Damsel,” she heard him whisper. And then his lips were on hers.

Alam niyang tama ang kanyang desisyon nang magdampi ang kanilang mga labi.

He started by tracing the outline of her lips with his tongue, then he nipped and bit her bottom lip. His right hand was cupping her face as he darted his tongue into her mouth. All she could think of was him. His kiss. His heavenly breath.

It had been quite a while since the last time that she allowed herself to indulge in this kind of physical pleasure. And this man was giving her all the pleasures a kiss could give to a woman.

Lalo pang lumalim ang halik nito. Hanggang sa isang malalim din na ungol ang kumawala sa kanya. Napabuntong-hininga ito at sandaling tumigil para lang muli siyang baliwin sa halik

nito nang muli nitong sinabasib ang kanyang mga labi. Nanghihinang napakapit siya sa braso nito. Ngayon ay nakapulupot na sa kanyang baywang ang mga bisig nito.

Pareho silang gulat na naghiwalay nang tumunog ang elevator. They were at the seventh floor. Kapwa nila habol ang paghinga.

“I... uhm, we’re here.” Gusto lang niyang may masabi. Her wits were still scattered. They kissed on the thirteenth floor and stopped on the seventh floor. How long were they kissing?

“I was right. Your lips taste sweet.” Titig na titig pa rin ito sa kanya.

“I have to—”

“You have to go,” kunwa’y nagtatampong sabi nito. He was smiling, though. “Palagi ka na lang umaalis. Lagi mo na lang akong binibitin.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Not my fault. You always choose the worst places.”

Narinig niya ang malagom na halakhak nito habang naglalakad siya palayo.

Today, they could settle for that exhilarating kiss. But they both knew they wanted more. She could only hope this attraction wouldn’t lead her straight to hell.